Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

**KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-14**
**Serye 2016**

## PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA SELYO NG KAHUSAYAN SA PAGGAMIT NG FILIPINO

SAPAGKAT, iniaatas ng Batas Republika Blg. 7104 na mandato ng KWF na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng naturang batas sa KWF na tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na pagtibayin ang bagong gawad / timpalak na tatawaging "Selyo ng Kahusayan sa Paggamit ng Filipino" na isang pambansang timpalak at parangal para sa mga pabliser at/o publikasyon na nagpamalas ng husay sa paggamit ng estandardisadong Filipino;

IPINAPASIYA sa wakas, na maglalaan ang KWF ng kaukulang pondo para sa pagpapatupad ng proyektong ito.

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner ngayong 22 Hunyo 2016 sa Las Casas Filipinas de Acuzar, Bagac, Bataan.

**KOM. VIRGILIO S. ALMARIO, NA**
Tagapangulo

**KOM. PURIFICACION DELIMA**
Kagawad

**KOM. LORNA E. FLORES**
Kagawad

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
TINANGGAP
-14
Petsa: 7/05/16 Oras: 11:05
Ni:
YUNIT NG MGA KASULATAN

**KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-14**
**Serye 2016**

**KOM. ABDON M. BALDE JR.**
Kagawad

**KOM. JOHN E. BARRIOS**
Kagawad

**KOM. JIMMY B. FONG**
Kagawad

**KOM. JERRY B. GRACIO**
Kagawad

**KOM. MA. CRISANTA N. FLORES**
Kagawad

**KOM. LUCENA P. SAMSON**
Kagawad

**KOM. ABRAHAM P. SAKILI**
Kagawad

**KOM. HOPE S. YU**
Kagawad